Surrey Schools
LEADERSHIP IN LEARNING

# ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA AI

### PARA SA MGA MALILIIT NA BATA

## MANATILING LIGTAS

Mag-ingat sa impormasyong ibinabahagi mo sa AI. Panatilihing pribado ang iyong personal na impormasyon at ang impormasyon ng iba. Kung may isang bagay na hindi komportable sa yong pakiramdam, ipaalam sa iyong guro o isang pinagkakatiwalaang nasa hustong gulang.

## MATUTO TUNGKOL SA AI

Maging mausisa at magtanong sa iyong guro tungkol sa AI. Ang pag-alam kung ano ang AI at kung paano ito gamitin ay makakatulong sa iyong maging ligtas, pumili ng mahusay/tama, at makabuo ng mga bagong ideya.

## GAMITIN ANG AI BILANG ISANG MAKAKATULONG

Isipin ang AI bilang iyong katulong. Maaari itong magbigay sa iyo ng mga paliwanag at halimbawa, ngunit tandaan na palaging idagdag ang iyong sariling pag-iisip din.  Pagsamahin ang iyong nalalaman sa AI upang makabuo ng mga kamangha-manghang ideya at solusyon.

## IDAGDAG ANG IYONG MGA IDEYA

Palaging idagdag ang iyong sariling mga saloobin at pagkamalikhain! Maniwala ka sa iyong sarili at magtiwala na ang iyong mga ideya ay mahalaga. Huwag matakot na baguhin ang iyong mga ideya. Minsan ang pinakamahusay na mga ideya ay darating pagkatapos ng ilang pagsubok.

## GUMAMIT NG MARAMING MGA KASANGKAPAN SA PAGKATUTO/ PAG-AARAL

Huwag lang umasa sa AI. Mag-explore at gumamit ng iba't ibang kasangkapan at mapagkukunan. Makakatulong ito sa iyo na matutunan kung paano maghanap ng mga sagot at gumamit ng impormasyon upang malutas ang mga problema.

## SURIIN AND TRABAHAO NG AI

Maaaring magkamali ang AI. Palaging i-double check sa pamamagitan ng paghahanap ng impormasyon sa iba't ibang lugar at paghahambingin ito.